AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 4

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ang Mabait na Kalabaw" na isinulat ni Virgilio S. Almario.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 4** |
|---|
| Book Title: Ang Mabait na Kalabaw |
| Author: Virgilio S. Almario |
| Source: Buri Books |
| Magandang hapon! Kamusta na tayong lahat? Si Teacher Robyn ulit para sa Reading natin today! Ang babasahin natin ay "Ang Mabait na Kalabaw" 🐃 ni Ginoong Virgilio Almario 👨🏽‍🏫<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Naaalala pa ba natin ang ating promises sa isa't isa? ☺<br>(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣<br>(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓<br>(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽<br><br>💬 **TALASALITAAN**<br>Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔 |

**(1) Mahilig (hilig)**
**(2) Mapagbigay**
**(3) Kapuwa**

Start na tayo!
--

📚 **ANG MABAIT NA KALABAW NI VIRGILIO S. ALMARIO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

PART 1
• Ang mabait na kalabaw ay tahimik na kumakain.
• Ang mabait na kalabaw ay tahimik na natutulog.

PART 2
• Ang mabait na kalabaw ay malinis.
• Ang mabait na kalabaw ay mahilig sa maganda.
• Ang mabait na kalabaw ay maraming kaibigan.
• Kaibigan niya pati aso at pusa!
• Ang mabait na kalabaw ay masipag.
• Ang mabait na kalabaw ay matulungin.
• Ang mabait na kalabaw ay mapagbigay.

PART 3
• Ang mabait na kalabaw ay mapagmahal.
• Kaya minamahal siya ng kapuwa kalabaw.
• Minamahal din siya ng kaniyang tagapag-alaga.
• At laging masaya ang mabait na kalabaw.

--

Kayang-kaya diba? Naalala ba nating bigkasin ang kada-linya?
Ang galing-galing niyo, diretso na tayo sa activity!

✏ **GAWAIN**
Napansin ba natin na nahati ang story sa 3? Sabay-sabay nating tukuyin ang mga nangingibabaw na katangian ni Kalabaw at natawag siyang "Mabait na Kalabaw"!

🔎 Balikan ang Part 1, ano ang katangian ni Kalabaw habang siya ay kumakain at natutulog? Siya ay? Tahimik! Tahimik ba tayo kumain at matulog?

🔎 Sa Part 2, mapapansin natin ang mga magagandang-asal ni Kalabaw! Anu-ano ang mga ginagawa ni Kalabaw na masasabi natin na may magandang-asal si Kalabaw?

🔎 At sa huli, pansinin natin sino ang kaibigan at mahal ni Kalabaw? Mga pusa at aso, mga kapwa-kalabaw, at ang kanyang tagapag-alaga.

Mas madaling mahalin ang mga katulad natin o ang nag-aalaga sa atin. Pero mas mahirap pag sila'y naiiba, katulad ng pusa, aso, at kalabaw. Bakit kaya?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Bakit nasabing Mabait na Kalabaw si Kalabaw? Dahil na siya ay tahimik? May magandang-asal? Mapagmahal? Masaya? O lahat ng ito?

Tayo'y Mabuting Tao dahil ginawa tayo ni God na mabuti. Maliban sa mga katangian ni Mabuting Kalabaw, ano pa maiisip natin na katangian ng Mabuting Tao?

Para kay Teacher, Mabait ka na Tao kung mahal mo ang sarili mo, at binibigay mo rin ang pagmamahal na yun sa iba ng hindi namimili at walang hinihinging kapalit.

Yay! Tapos na! May part ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot? Message niyo lang si teacher! Bukas ulit!

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.